

**PAGLABAS NG IMPORMASYON**

Ako, si \_\_\_\_\_, ay nagbibigay rito sa Opisina ng Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Mga Manggagawa (Office of Economic and Workforce Development, OEWD) at sa itinalaga nitong mga tao, ng pahintulot na kumuha ng impormasyong nauugnay sa aking pagtatrabaho at/o pag-aaral at pagsasanay. Hinihingi namin ang iyong pahintulot na kumuha at magbigay ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa kasaysayan ng iyong trabaho at/o mga natapos na pag-aaral, upang matulungan ka sa iyong paghahanap ng o pagkakatanggap sa trabaho.

Maaaring kasama sa impormasyon sa pagtatrabaho na ilalabas ang: mga petsa ng pagtatrabaho, titulo sa trabaho, orasang sahod, katayuang full-time/part-time kasama na ang mga oras kada linggo, benepisyong natanggap at dahilan ng pagkatanggal sa trabaho (kung naaangkop).

Maaaring kasama sa impormasyon sa pag-aaral na ilalabas ang: petsa ng pag-enroll sa pag-aaral o pagsasanay, petsa ng diploma, nakuhang digri o sertipiko, at uri ng nakuhang digri ng sertipiko.

May pahintulot ko ang OEWD na ibahagi ang impormasyong nalikom para sa aking sitwasyon na naglalaman ng pangkalahatang impormasyong nauugnay sa kasaysayan ng aking pagtatrabaho, kasaysayan ng pag-aaral, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at iba pang kasaysayang may kinalaman sa aking paghahanap ng trabaho para at mula sa (ngunit hindi limitado sa) Departamento ng Paggawa (Department of Labor, D.O.L.), Ahensiya sa Mga Serbisyong Pantao ng San Francisco (San Francisco Human Services Agency, H.S.A.), Departamento ng Rehabilitasyon (Department of Rehabilitation, DOR), Awtoridad sa Pabahay ng San Francisco (San Francisco Housing Authority), Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Francisco (San Francisco Unified School District, SFUSD), Kolehiyo sa Lunsod ng San Francisco (City College of San Francisco, CCSF) o mga programa ng OEWD na pinopondohan ng Batas sa Inobasyon at Oportunidad sa Lakas-Paggawa (Workforce Innovation And Opportunity Act, WIOA), Gawad sa Pagpapaunlad ng Komunidad at Block (Community Development & Block Grant, CDBG), Pangkalahatang Pondo ng San Francisco para sa Lunsod at County (City and County San Francisco General Fund) at Portal ng mga Trabaho sa SF (SF Jobs Portal):

**Mga Kimentaryo:**

Mananatiling may bisa ang paglabas ng impormasyong ito sa loob ng tatlong (3) taon pagkatapos makumpleto ang mga serbisyo. Maaari kong ihinto ang awtorisasyong ito, anumang oras gamit ang isang nakasulat na liham sa OEWD. Pananatilihing kumpidensyal sa pinakamahigpit na paraan ang lahat ng impormasyong ibibigay at gagamitin lang ang mga ito para sa layuning ipinapahayag sa itaas. Ang form na ito ay nakumpleto nang buo at nabasa ko (o naipabasa sa akin) bago ko ito nilagdaan. Isinasaad ng aking lagda sa ibaba na nabasa at nauunawaan ko ang impormasyong nakalagay sa form na ito.

\_\_\_\_\_  
Lagda

\_\_\_\_\_  
Petsa

09/2018

